**MELC: Pagkilala sa mga tunog na bumubuo ng pantig**

## I.ALAMIN

Magandang umaga! Ngayong araw ay mayroon tayong bagong pag-aaralan. Makikilala mo sa umagang ito ang mga tunog na bumubuo ng pantig. Sigurado akong marami kang matutunan.

## II. TUKLASIN



Tingnan ang larawan. Ano ang nakikita mo?



mani

Sa anong letra nagsisimula ang salitang "mani"? Mm

Ano ang tunog letra Mm? /m/

Bigkasin ito ng talong ulit. /m/ /m/ /m/

Ang salitang mani ay binubuo ng 2 pantig.

Ano ang dalawang pantig na ito? *ma* at *ni*

## III. SURIIN

Ano nga ba ang pantig?

Ang pantig ay binubuo ng magkasamang tunog ng mga titik.

Halimbawa:

Kapag ang pantig na "ma" dinugtungan natin ng "ni" ay magiging "mani".

Katulad nito: ma + ni = mani

Basahin ang salita: **mani**

Ano ang unang pantig? ma

Ano ang tunog ng unang titik? /m/ /m/

Ano naman ang ikalawang pantig? ni

Ano ang tunog ng unang titik? /n/ /n/

Basahin ang salita ng tatlong ulit: ma + ni = mani

***Prepared by:***
***Rona Joy E. Gonito, Don H. Maravilla Memorial School, Division of Negros Occidental***

Ito pa ang ilang mga halimbawa. Basahin ng maiigi ang bawat salita sa ibaba.



*ta - sa = tasa*



*i - na = ina*



*a - ma = ama*



*pu - sa = pusa*




*a - so = aso*

## IV. PAGYAMANIN

Ngayon ay subukan mo ang mga gawain sa ibaba.
Tignan ang mga larawan at kilalanin ang mga ito.

Halimbawa:



Ano ito? **relo**

Sa anong titik nagsisimula ang salitang "relo"? ___**r**___
Ano ang tunog ng "r" ? /r/ /r/
Ilang pantig mayroon ang salitang "relo" ? ___**2**_____

Isulat ang pantig sa bawat blanko. _**re**_ + _**lo**_ = __**relo**__
Bigkasin ang mga pantig at basahin ang salita:

_**re**_ + _**lo**_ = __**relo**__

Ngayon naman, sagutan ang mga patlang sa ibaba.


1.Ano ito?



Sa anong titik nagsisimula ang salitang "bato"? ______
Ano ang tunog ng "b"?
Ilang pantig mayroon ang salitang "bato"? _______

Isulat ang pantig sa bawat patlang. ____ + ____ = ________
Bigkasin ang mga pantig at basahin ang salita.

2.Ano ito?



Sa anong titik nagsisimula ang salitang “mata”? _______
Ano ang tunog ng “m”?
Ilang pantig mayroon ang salitang “mata”? ________

Isulat ang pantig sa bawat patlang. ____ + ____ = ________
Bigkasin ang mga pantig at basahin ang salita.

3.Ano ito?



Sa anong titik nagsisimula ang salitang “okra”? _______
Ano ang tunog ng “o”?
Ilang pantig mayroon ang salitang “okra”? ________

Isulat ang pantig sa bawat patlang. ____ + ____ = ________
Bigkasin ang mga pantig at basahin ang salita.

## V. ISAISIP

Tandaan mo na ang bawat salita ay binubuo ng mga pantig.
Upang mabasa mo ang isang salita, kailangang mabigkas mo ang bawat pantig nito ng tama at maayos.

Laging tandaan na kapag nakilala mo na ang mga tunog ng titik sa bawat pantig ay makakabuo ka ng salita at makakatulong ito sa iyong pagbabasa.


Tingnan ang mga salita sa ibaba.
Mababasa mo ba ito?
Ano-anong mga titik ang bumubuo sa mga pantig?
Bigkasin ang tunog ng bawat pantig ng salita.
Nakikilala mo na ba ang mga tunog na bumubuo sa bawat pantig?
Kung nakikilala mo na, basahin ang mga salita:

ma + ni = mani  /m/ /m/ ma + /n/ /n/ ni = mani

re + lo = relo  /r/ /r/ re + /l/ /l/ lo = relo

ba + to = bato  /b/ /b/ ba + /t/ /t/ to = bato

ma + ta = mata  /m/ /m/ ma + /t/ /t/ ta = mata

ok + ra = okra  /o/ /o/ ok + /r/ /r/ ra = okra

## VI. ISAGAWA

***Prepared by:***
***Rona Joy E. Gonito, Don H. Maravilla Memorial School, Division of Negros Occidental***



Ngayon naman, tingnan ang mga larawan.
Iugnay ang larawang nasa Hanay A sa pangalan nito na nasa Hanay B. Pagkatapos, isulat ang mga pantig sa patlang.

| HANAY A | | HANAY B | |
|---|---|---|---|
| 1. |  | * papaya | ____ +____+____=___________ |
| 2. |  | * saging | ____+_____=___________ |
| 3. |  | * papel | ____+_____=____________ |
| 4. |  | * lapis | _____+_____=___________ |
| 5. |  | * aso | _____+_____=___________ |

Binabati kita! Natapos mo na ang modyul na ito tungkol sa mga pantig. Sanayin mo parati na magbasa at bigkasin ang mga pantig ng maayos. Malaki ang maitutulong nito sa iyong pagbabasa.

Alagaan parati ang sarili at magkita ng muli sa susunond na aralin.

Inihanda ni:


**RONA JOY E. GONITO**
Don H. Maravilla Memorial School
District of E. B. Magalona
Division of Negros Occidental